



KAGAWARAN NG HUKOM NG U.S.
SANGAY NG MGA KARAPATANG SIBIL

Paggabay sa Publiko sa Pagprotekta ng Mga Karapatang Sibil
Habang Tumutugon sa Ebola Virus

Ang pagkalat ng sakit na Ebola sa West Africa ay nagdulot ng dumaraming mga ulat ng diskriminasyon sa Estados Unidos laban sa mga taong galing o inaakalang galing sa isang bansang Aprikano o may lahing Aprikano, pati na rin sa mga taong inaakalang may Ebola. Ang diskriminasyon batay sa lahi, kulay, bansang pinanggalingan, katayuan ng pagkamamamayan, o kapansanan ay labag sa batas sa ilalim ng ilang pederal na batas at maaaring magresulta sa kriminal o sibil na pananagutan.

Ang pagkalat ng sakit na Ebola ay karamihang nasa ilang bansa sa West Africa (Liberia, Sierra Leone, Guinea, Mali) ("mga bansang may pagkalat ng sakit"). Ang mga walang batayang takot tungkol sa posibleng pagkakalantad sa Ebola batay sa mga palagay tungkol sa lahi, bansang pinanggalingan, o inaakalang katayuan ng kapansanan ay nagbubunsod ng pag-alala tungkol sa maselang pagpapagamot. Ang diskriminasyon ay maaaring manggagaling sa iba-ibang konteksto, kasama na ngunit hindi limitado sa edukasyon, trabaho, kalusugan at kaligtasan, pabahay, at mga lugar ng pampublikong tuluyan.

Narito ang ilang halimbawa ng mga sitwasyon na maaaring maging dahilan ng paglabag sa pederal na batas sa mga karapatang sibil sa konteksto ng Ebola virus:

- Kung hilingin ng paaralan na manatili ang isang bata sa tahanan dahil ang batang ito ay mula sa isang bansa sa Aprika o may lahing Aprikano, kahit pa ang bata ay hindi naman hiniling na gawin ito ng mga awtoridad ng pampublikong kalusugan ayon sa patnubay ng CDC sa Ebola, ang paaralang iyon ay maaaring nagdidiskrimina sa bata batay sa lahi, kulay, bansang pinanggalingan, o inaakalang kapansanan. Gayundin naman, kung hindi epektibong natalakay ng paaralan ang panliligalig at pananakot sa mga estudyante kaugnay ng Ebola, ang paaralang iyon ay maaaring lumalabag ng kanilang legal na mga obligasyon.
- Kung tumatanggi ang isang employer na bigyan ng trabaho ang isang karapat-dapat na indibidwal, pagbawalan ang empleyado na pumasok sa trabaho, o palitan ang sakop ng trabaho ng empleyado dahil ang empleyadong iyon ay galing sa isang bansang Aprikano o may lahing Aprikano, dahil sa takot na ang empleyado ay may Ebola, sa kabila ng katotohanan na ang empleyado ay wala sa peligrong malantad sa Ebola, gaya ng napag-alaman ng mga awtoridad ng pampublikong kalusugan ayon sa patnubay ng CDC, ang employer ay nagdidiskrimina sa empleyado batay sa lahi, kulay, bansang pinanggalingan, o inaakalang kapansanan. Gayundin, kung ang employer ay magdudulot o papayag sa mapoot na kapaligiran sa pagtatrabaho na may panliligalig o diskriminasyon kaugnay ng Ebola, ang employer na iyon ay maaaring lumalabag ng kanilang legal na mga obligasyon.

- Kung ang isang tagapagbigay ng pabahay, gaya ng apartment complex o ang taong nagpapaupa ay tumangging magpa-upa sa mga manggagawa ng tulong na pagkawanggawa na kababalik lamang mula sa bansang Aprikano na hindi naman dumaranas ng pagkalat ng sakit na Ebola, ang nagpapaupang iyon ay maaaring nagdidiskrimina sa aplikante batay sa inaakalang kapansanan.
- Kung ang ahensiya ng lokal na pamahalaan o samahan sa komunidad na nagbibigay ng serbisyo sa panahon ng sakuna ay tumangging magbigay ng mga serbisyo sa isang indibidwal dahil ito ay mula sa isang bansang Aprikano o may lahing Aprikano dahil sa takot na ang aplikante ay may Ebola, ang tapagpagbigay na iyon ay nagdidiskrimina sa indibidwal batay sa lahi, bansang pinaggalingan, o inaakalang kapansanan.

Kung naniniwala ka na ikaw ay biktima ng diskriminasyon batay sa iyong lahi, kulay, bansang pinanggalingan, katayuan ng pagkamamamayan, aktuwal o inaakalang katayuan ng kapansanan, maaari kang makipag-ugnayan sa isa sa mga pederal na ahensiyang nakalista sa sumusunod na talahanayan tungkol sa iyong alalahanin.

Para sa karagdagang impormasyon sa pagtugon ng pamahalaang pederal sa Ebola virus, tingnan ang mga sumusunod na link:

[Ang White House: Ang Pagtugon ng Administrasyon sa Ebola](#)
[Kunin ang pinakabagong impormasyon ng CDC sa kasalukuyang pagkalat ng sakit](#)